Nagsasagawa ang mga estudyante ng pagsisiyasat at pagkatutong nakabatay sa proyekto (project-based learning) sa mga grupong heterogenous o kung saan may mga pagkakaiba-iba ang magkakasama.

Ano ang inihahandog ng aming paaralan?

Nakabatay kami sa Internationals Model, na itinatag sa New York, at isa kaming paaralang espesyal na dinisenyo para sa mga Mag-aaral ng Ingles (English Language Learners).

- Personalisadong Pag-aaral: Lahat ng Klase ay mayroon lamang 25 estudyante o mas maliit pa rito, upang matiyak ang personalisadong suporta sa pag-aaral. May tagapayong klase (advisory class) ang mga estudyante, na sumusuporta sa personal na pag-unlad at akademikong tagumpay.
- Pag-unlad sa Wika: Natututo ang mga estudyante ng akademikong Ingles sa lahat ng klase. Isinasama ang Ingles sa lahat ng content area (larangan na kaalamang akademiko), kaya ginagamit ng mga estudyante ang wika sa paraang nalalaman ang ibig sabihin ng salita sa pamamagitan ng kontekstong may layunin.
- Pag-aaral sa Pamamagitan ng mga Karanasan (Experiential Learning): Lampas pa sa mga dingding ng klasrum ang natututunan ng mga estudyante sa pamamagitan ng partisipasyon sa komunidad, intership sa karera, at akademikong proyekto. Mayroong pagkatutong nakabatay sa proyekto (project-based learning), mga klaseng school without walls o paaralang walang dingding, at hindi bababa sa 2 field trip kada taon.
- Kahandaan para sa Kolehiyo at Karera: Tumatanggap ang mga estudyante ng malaking suporta upang maging handa sa larangang akademiko, at nang magtagumpay sa kolehiyo. Bilang mga senior, magkakaroon ang mga estudyante ng oportunidad para sa internship at serbisyo sa komunidad sa iba't ibang lugar, mula sa negosyo hanggang sa opsina ng gobyerno hanggang sa organisasyong pangkomunidad. Bukod rito, sinusuportahan ng aming span program ang mga estudyante na maging matagumpay sa kanilang unang taon ng kolehiyo.

Tungkol sa Amin

Ang San Francisco International Schoo ay higit pa sa isang High School. Komunidad ito na sumusuporta sa mga estudyante habang nagtatransisyon sila sa bagong buhay sa Estados Unidos, at sinusuportahan silang matamo ang kanilang mga tunguhin sa mas mataas na edukasyon. Dalawampu't walong (28) wika ang sinasalita sa aming paaralan. Tunay kaming internasyonal na komunidad.

Kontakin kami

Telepono: (415)695-5781

Website: www.sfihs.com

SAN FRANCISCO INTERNATIONAL HIGH SCHOOL

655 DeHaro Street, San Francisco, CA 94107

SAN FRANCISCO INTERNATIONAL HIGH SCHOOL

Isang Komunidad na Nagbibigay-Suporta para sa Kahandaan sa Kolehiyo

Paano namin inihahanda ang mga estudyante para sa kolehiyo?

97% sa mga nagsisipagtapos sa amin ang natatanggap sa kolehiyo at 99% ang nakakokompleto ng FAFSA upang makakuha ng pinansiyal na tulong mula sa gobyerno.

Mga Pagtanggap sa Kolehiyo na UC: UC Berkeley, UC Davis, UC Santa Cruz, UCLA, UC Irvine

Mga Pagtanggap sa Kolehiyo na CSU: SFSU, CSUEB, Humbolt, CSU MB, CSU LB, Cal Poly SLO, SJSU, Sacramento State

Mga Pribadong Paaralan: Santa Clara University, University of Tulsa, University of San Francisco

Tungkol din sa personal na pag-unlad at komunidad ang SF International. Hinahanda rin namin ang aming mga estudyante para sa buhay sa U.S. At ginagabayan sila para mahanap ang kanilang mga interes.

Mayroong buong semestre ng pag-iintern ang mga estudyante kung saan lumalabas sila sa mundo at nagkaroroon ng mga karanasan. Mayroon kaming mga pakikipag-partner sa 15 organisasyong pangkomunidad at nakikipagtrabaho ang aming mga estudyante sa mga ito.

"Hindi ko kailanman naisip na magme-major ako sa siyensiya hanggang sa mag-Junior ako sa high school sa SFIHS." - Udval Battulga (Mongolian na Alumni o Nagtapos na, Nagme-major sa Biology sa UC Davis)

Mayroon kaming 11 club at 9 iba't ibang sports team!

Sports: Men's JV/Varsity Soccer, Women's JV/Varsity Soccer, Women's Volleyball, Men at Women's Badminton, Track and Field, Cross Country, Men's Varsity Basketball, Wrestling, Cheerleading



Mga Club: Student Government (IC), Peace Club, Engineering Club, Debate Club, Rock Band, Dance Club, GSA, DJ club, Athletics Club, Future Project, Arabic Cultural Club, Chinese Culture Club., at anumang mapapangarap ng mga estudyante.

Programang After School /Pagtu-tutor at Pagpapayaman ng Kaalaman: Puwedeng makatanggap ang mga estudyante ng pagtu-tutor sa tanghalian o sa after school. Mayroong mga opsiyon ng independiyenteng pag-aaral para sa eksameng AP, at oportunidad sa pagpapayaman ng kaalaman, kaya talagang nakapipili ang mga estudyante ng sarili nilang landas.

Tumatanggap ang aming mga estudyante ng 10 iba't ibang scholarship.

Mga Scholarship na Tinatanggap ng Huskies

Gates Millennium Scholarship

Koshland Youth Leadership Award

Meritus Scholarship Award

Maisin Scholarship Award

LATA Scholarship Award

TACT Scholarship Award

Filipino Teachers Scholarship Award

BASST Scholarship

826 Valencia Scholarship

SF Promise Scholarship